



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2021 – 35
Serye 2021

**KAUTUSANG NAGTATALAGA NG COOPERATIVE DEVELOPMENT
OFFICER AT KAUKULANG GAMPANIN NITO SA BAYAN NG
BULAKAN, BULACAN**

SAPAGKAT, iniaatas ng Memorandum Sirkular Bilang 2021-110, na may petsang Setyembre 27, 2021, ang pagtatalaga ng mga lalawigan, lungsod at bayan ng Cooperatives Development Officer, alinsunod rin sa Batas Republika Bilang 11535;

SAPAGKAT, ang pagtatalaga sa nasabing Cooperative Development Officer ay nakauugnay sa tanggapan ng Punong Bayan at sa ilalim ng Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Kooperatiba (CDA) alinsunod sa Seksyon 4 ng Batas Republika Bilang 11535;

SAPAGKAT, kasama sa gampanin ng Pambayang Cooperative Development Officer na makipag-ugnayan sa iba't-ibang kooperatiba na sakop ng Munisipalidad tulad ng pagsasanay at edukasyon patungkol sa business management, finance and financial management at mga polisiya bilang isang kooperatiba;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 and Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay aking itinatalaga si **G. RUEL BERNABE** bilang Cooperative Development Officer sa Bayan ng Bulakan na nasa ilalim ng Tanggapan ng Punong Bayan at kalakip ang mga sumusunod na tungkulin at gawain:

TUNTUNIN 1. KWALIPIKASYON. Ang Cooperative Development Officer ay kinakailangang:

- Dapat ay isang lehitimong Pilipino, at mas mabuti kung ito ay residente ng Bayan ng Bulakan;
- Mayroong good moral character;
- Nakapagtapos ng kolehiyo na may background sa kooperatiba, *business administration* na may espesyal na pagsasanay sa kooperatiba o kaugnay nito;
- First grade civil service eligible o katumbas nito; at
- Mayroong karanasan sa pagbuo o pamamahala ng isang kooperatiba na (5) limang taon sa probinsya at (3) tatlong taon naman sa isang Bayan.

TUNTUNIN 2. GAWAIN. Ang Cooperative Development Officer ay may mandato na ayon sa sumusunod:

- Mga kooperatibang natulungan;
- Mga tulong na naihatid sa mga kooperatiba;
- Mga polisiya o alituntunin na nagawa para sa promosyon at pag-unlad ng mga kooperatiba;

- d. Mga isinagawang *Pre-registration seminar at/o pre-membership education seminar* sa pakikipagtulungan sa CDA;
- e. Tulong at alalay na ibinigay sa mga aplikante sa paghahanda ng kanilang mga dokumento para sa pagrerehistro;
- f. Tulong at alalay na ibinigay para sa pagsusumite ng kanilang mga kinakailangan na ulat;
- g. Mga pagsasanay o edukasyon patungkol sa *business management, finance and financial management assistance* na isinagawa sa pakikipagtulungan sa CDA, DTI, ibang ahensya ng gobyerno, mga pederasyon at unyon ng mga kooperatiba, mga akademya at iba pang pribadong organisasyon;
- h. Mga isinagawang konsultasyon sa mga kooperatiba at mga naging aksyon o tugon dito;
- i. Mga programa, proyekto at aktibidad sa *LGU Annual Investment Plan* at *Comprehensive Development Plan* na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng mga kooperatiba; at
- j. Iba pang mga programa, proyekto, at inisyatibo para sa *promotion and development* ng mga kooperatiba.

TUNTUNIN 3. TANGGAPAN. Ang Cooperative Development Officer ay sasailalim sa Tanggapan ng Punong Bayan habang wala pang hiwalay na opisina o pasilidad upang maging tanggapan nito.

TUNTUNIN 4. PAGKAKABISA. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

Nilagdaan ngayong ika-28 ng Agosto, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan